

## Mga Nagagamot na Sanhi ng Pagkawala ng Memorya



### Alam mo ba: maraming mga kondisyong medikal ang may parehong mga sintomas sa sakit na Alzheimer?

Maraming nakatatanda ang nagdurusa mula sa pagkawala ng memorya ngunit hindi kailanman nakatanggap ng wastong medikal na atensyon dahil sa paniniwalang ito ay isang normal na bahagi ng proseso ng pagtanda. Ang mga sintomas mula sa kakulangan sa bitamina, mga gamot, pagbabago sa metabolic, atbp. ay maaaring pareho sa sakit na Alzheimer at maaaring maging sanhi ng mga problema sa memorya. Narito ang ilang mga halimbawa ng mas karaniwang, magagamot na mga kondisyon. Ang maagang pagsusuri at paggamot ay maaaring makapagpabuti ng memorya.

### Mga karaniwang kondisyon

- **Problema sa thyroid :** Ang posibleng problema sa thyroid ay maaaring suriin ng isang manggagamot at malulunasan ng gamot.
- **Mga impeksyon:** Ang mga impeksyon sa ihi o pantog ay ang pinaka-karaniwang impeksyon, ngunit ang anumang impeksyon ay maaaring maging sanhi ng pagkawala ng memorya.
- **Sakit sa baga:** Ang pagbaba ng kapasidad ng baga ay maaaring mangahulugan ng hindi sapat na oxygen sa utak. Maaaring ganap na malutas ang pagkawala ng memorya kapag ginagamot ang kakulangan ng oxygen.
- **Kanser:** Ang mga tumor sa utak, atay o iba pang mga organo ay maaaring humantong sa pagkawala ng memorya. Ang agarang pagsusuri ay maaaring mangahulugan na ang tumor ay maaaring alisin o mabawasan sa pamamagitan ng paggamot.
- **Pagkalumbay:** Ang ilang mga tao ay nawawalan ng interes sa iba at nalilito kapag nalulumbay sila. Maaaring makatulong ang gamot na anti-depressant.
- **Sleep apnea:** Ang hirap na paghinga habang natutulog ay maaaring mangahulugan ng hindi sapat na oxygen sa utak. Maaaring ganap na malutas ang pagkawala ng memorya kapag maayos na nagagamot ang sleep apnea.



# Mga Nagagamot na Sanhi ng Pagkawala ng Memorya

### Panloob na mga kadahilanan

- **Hindi magandang nutrisyon:** Ang chemistry ng katawan ay maaaring hindi balanse mula sa kinakaing mga pagkain na kulang sa buong saklaw ng kinakailangang mga nutrisyon.
- **Kakulangan ng iniinom na tubig:** Maraming mga tao ang hindi umiinom ng sapat na mga likido, o kumokonsumo sila ng pangunahing mga inuming may caffeine, na nagbabawas ng mga likido sa katawan.
- **Pagbabagu-bago ng asukal sa dugo:**
  - Ang mga taong nagka-diyabetes nang huli sa buhay ay maaaring mabuhay ng maraming taon nang hindi napagtanto na dapat nilang tanungin ang kanilang manggagamot na suriin ang kanilang asukal sa dugo.
- **Pagkawala ng pandama:** Ang pagkawala ng pandinig o paningin ay maaaring makagambala sa oryentasyon sa oras at lugar.

### Panlabas na mga kadahilanan

- **Nakakalason na usok sa bahay:** Ang mga hurno minsan ay hindi gumagana at nag-iiwan ng carbon monoxide sa hangin, na nagreresulta sa pagkalito at hindi pagkakatulog. Ang pag-aayos ng hurno ay maaaring makapagpanumbalik ng pagkaalerto. Ang paglalagay ng mga detektor ng carbon monoxide ay maaaring alertuhan ka sa mga leak sa hinaharap.
- **Mga kumbinasyon ng gamot:** Ang pag-inom ng maraming tabletas araw-araw ay maaaring magresulta sa mga mix-up o interaksyon ng gamot.
- **Nakakalason na gamot:** Paminsan-minsan, masyadong maraming gamot ang naiipon sa dugo. Halimbawa, ang Digoxin (Lanoxin) ay isang gamot sa puso, na maaaring maging nakakalason.

***Matuto nang higit pa tungkol sa iba pang mga sanhi ng pagkawala ng memorya sa pamamagitan ng pagtawag sa aming koponan ng mga dalubhasa sa demensya sa 858.492.4400.***